Ang Eroplanong Papel ni Danilo

The writer, Rei Manlulu, is the youngest son of Abe, a pilot of the Philippine Airlines. Rei belongs to the top echelon of his nursing class in the University. He takes pride in telling a story about his Dad and so, this is his story….And, whenever Abe is in the Street of San Francisco, we share a lot of fond memories growing-up!

Lt. Col. Abraham P. Manlulu (PAF, Ret./PAL Pilot)

Si Danilo ay isang napakasigla at mapangaraping bata. Ngunit tila hindi umaayon ang kapalaran sa kanya. Ang kanyang mga magulang ay ordinaryong manggagawa lamang. Namamasukan ang kanyang ama sa isang pagawaan ng asukal, samantalang ang kanyang ina ay nagtitinda lamang ng mga gulay.

Madalas sa bukid si Danilo kasama ng kanyang alagang aso. Doon sa lugar na iyon ay natatagpuan niya ang kapayapaan ng isip. Masaya siyang nagpapalipad ng eroplanong gawa sa papel. Mula sa kapirasong papel na ito ay nabuo ang kanyang pangarap. Pinapalipad niya ito ng mataas kasing tayog ng kanyang mga mithiin. Tuwing siya ay nakatitig sa langit at pinagmamasdan ang eroplanong papel, gumiginhawa ang kanyang pakiramdam. Para sa kanya, ang kanyang kapalaran ay parang isang eroplano na kapag nakasabay na sa agos ng hangin ay matiwasay ka nitong dadalhin sa iyong inaasam na destinasyon.

Batid ni Danilo ang kahalagahan ng edukasyon buhat narin sa mga payo ng kanyang mga magulang lalo na ang kanyang ama. Sa kanilang murang isipan ay nakintal na sa kanila na ang pagtatapos sa pagaaral ang siyang mag-aahon sa kanila sa kahirapan. Kung kaya't tatlong kilometro man ang layo ng paaralan sa kanilang baryo ay buong siglang binabagtas ng nakapaa ni Danilo ang daan patungo rito. Masaya na siya kung may sampung sentimos siyang baon mula sa kanyang mga magulang at kung wala naman ay nilagang kamote o saging na saba ang kanyang ibinabaon sa eskwelahan.Gaano man kahirap ang kanyang pinagdaanan ay matagumpay siyang nakapagtapos ng elementarya at hayskul.

Nakapasa man si Baloloy sa *entrance exam* ng Unibersidad Ng Pilipinas sa kursong abogasya ay hindi parin niyang magawang iwan ang kanyang probinsya sapagkat alam niyang kukulangin ang perang ipangtutustos para kanyang mga gastusin sa kolehiyo. Magdamag mang kumayod ang kanyang ama sa pagtatrabaho ay tiyak na hindi parin sapat para siya ay makapamuhay sa Maynila.

Photo taken of the Mendoza's (Niko, Tony, Nini & Rita) before Abe's flight back to Manila in January 2007. Abe is not only a pilot of airplanes but also a pilot of "A Crusade Against Abject Poverty In The Philippine Rural Areas". He will be "mentoring" our CYDFI Scholars in Math, Science and English at the CYDFI Office in Calantas, during his days-off and vacation. May we find more people to join our Crusade.

Ngunit hindi parin nawalan ng pag-asa si Danilo. Alam niyang siya ay matatag at hindi siya basta na lang maigugupo ng ganitong suliranin. Hindi ang kanilang katayuan sa buhay ang magiging dahilan upang siya'y hindi magtagumpay. Namasukan sa isang cottage industry si Danilo at nagpatuloy sa kanyang pag-aaral ng kolehiyo sa isang bagong bukas na kampo ng military. Dalawang taon ang kursong kinuha. At bago pa man siya makapagtapos ay nabigyan siya ng scholarship para maipagpatuloy ang "degree" nito. Sa kaniyang pagtatapos ng kolehiyo, nakatanggap siyang muli ng scholarsgip upang mag-aral sa pagpapalipad ng eroplano at maging opisyal ng Hukbong Himpapawid.

Matagumpay na natakasan ni Danilo ang hinaharap na kahirapan dahil sa kanyang pagsisikap. Nakamtan niya ang magandang kinabukasan sa tulong ng Maykapal at mga taong nagbigay sa kanya ng lakas ng loob upang bakahin ang mga pagsubok – ang kanyang pamilya.

Sa ngayon ay panibagong pakikibaka ang kanyang kinakaharap - ang paghubog ng kanyang mga anak at pagtatanim ng magandang bukas para sa mga ito. At muli, magtatagumpay si Danilo

P.S.: Si Danilo ay ang matalik kong kaibigan. Si Danilo ay ang aking ama.